Ang sinumang nakaalam ng pamamana, pagkatapos ay iniwan ito, hindi siya kabilang sa atin o sumuway nga siya.

Ayon kay `Uqbah bin `Āmir, malugod si Allah sa kanya: "Ang sinumang nakaalam ng pamamana, pagkatapos ay iniwan ito, hindi siya kabilang sa atin o sumuway nga siya."
[Tumpak] [Nagsalaysay nito si Imām Muslim]

Ang sinumang natuto ng pagtudla ng palaso at iba pa gaya ng baril sa ngayon sa landas ni Allah, pagkatapos ay itinigil niya ang pagtataguyod nito hanggang sa nakalimutan na niya ito, isinuong nga niya ang sarili niya sa kasalanan at paglayo sa patnubay ng Propeta, pagpalain siya ni Allah at pangalagaan. Hindi ito nangangahulugang siya ay tumatatangging sumampalataya dahil doon.

http://sunnah.global/hadeeth/tl/show/6401